# Social Security Para Sa Taong Nabubuhay Na May HIV/AIDS

Kung mayroon kang HIV/AIDS at hindi ka makapagtrabaho, maaari kang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng may-kapansanan mula sa Social Security Administration. Ang iyong kapansanan ay inaasahang dapat mananatali ng isang taon o mahigit pa rito o inaasahang mauuwi sa kamatayan at dapat may sapat na kalubhaan upang mapigil kang makagawa ng substantial na trabaho. Ang halagang ito ay karaniwang tumataas bawat taon. Para sa kasalukuyang halaga, maaari lang na tingnan ang *Pinagbuti* (Publikasyon Blg. 05-10003-TL).

Kung ang iyong anak ay may HIV/AIDS, baka maaari siyang makakuha ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad) (SSI) kung ang kita ng iyong sambahayan ay sapat na napakababa.

## Mga benepisyong ibinabayad sa ilalim ng dalawang programa

Nagbabayad kami ng mga benepisyo para sa may kapansanan sa ilalim ng dalawang programa: ang programa ng seguro ng Social Security para sa may kapansanan para sa mga taong nagbayad ng mga buwis sa Social Security; at ang programa ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad) para sa mga taong kakaunti ang kinikita at kakaunti ang mga pag-aaring yaman. Kung ang iyong mga benepisyo sa Social Security ay masyadong mababa at may hangganan ang iyong ibang kinikita at mga pag-aaring yaman, maaaring karapat-dapat ka para sa mga benepisyong ito na nagmumula sa pinagsamang dalawang programa.

## Paano ako magiging karapat-dapat sa Social Security para sa may mga kapansanang benepisyo?

Kapag ikaw ay nagtatrabaho at nagbabayad ka ng mga buwis sa Social Security, kumikita ka ng mga credit sa Social Security. (Ang karamihan sa mga tao ay kumikita ng maximum na apat na credit sa bawat taon). Ang bilang ng mga taon ng pagta-trabaho na kailangan para sa mga benepisyo para sa may kapansanan ay depende sa edad mo ng magkaroon ka ng kapansanan. Karaniwan ay kailangang nagtrabaho ka ng limang taon sa loob ng sampung 10 taon bago ang taon na kung kailan ka nagkaroon ng kapansanan. Ang mga mas nakaba-batang manggagawa ay nangangailangan naman ng mas kaunting taon ng pagtatrabaho. Kung ang iyong application ay nasang-ayunan, ang unang benepisyo ng iyong Social Security para sa may-kapansanan ay babayaran sa kabuuan ng ika-anim na buwan pagkatapos ng petsa ng nag-umpisa ang iyong kapansanan.

## Ano ang makukuha ko mula sa Social Security?

Ang halaga ng iyong mga buwanang benepisyo ay depende kung magkano ang iyong kinita noong nagtatrabaho ka pa. Magiging karapat-dapat ka rin para sa Medicare pagkatapos ng dalawamput apat 24 na buwan ng pagtanggap mo ng mga benepisyo para sa may-kapansanan. Tumutulong din ang Medicare sa pagbabayad sa ospital at ang pangangalaga ng hospice, mga pagsusuri sa laboratoryo, pantahanang pangangalaga sa kalusugan at iba pang mga medikal na serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medicare, tumawag sa amin upang hilingin ang publikasyon, *Medicare* (Publikasyon Blg. 05-10043-TL).

## Papaano ako magiging karapat-dapat para sa may kapansanang pagbabayad ng SSI?

Kung hindi ka nakapagtrabaho ng sapat na panahon upang makakuha ng Social Security o kung ang iyong mga benepisyo sa Social Security ay masyadong mababa, maaaring karapat-dapat ka para sa mga pagbabayad ng SSI kung ang iyong kabuuang kinikita at mga pag-aari mong yaman ay sapat na napakababa.

Kung nakakakuha ka na ng SSI, malamang ay magiging may karapatan ka para sa mga food stamp at Medicaid. Binabayaran ng Medicaid ang iyong mga pang-medikal na singil habang ikaw ay nasa ospital o tumatanggap ng outpatient na pangangalaga. Sa ilang mga state, ang Medicaid ang nagbabayad para sa pangangalaga ng hospice, pribadong nurse at mga may resetang gamot na ginagamit upang malabanan ang sakit na HIV. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medicaid, makipag-alam sa iyong lokal na tanggapan ng social services).

## Papaano ako magpa-file para sa mga benepisyo?

Maaari kang mag-apply online para sa mga may kapansanang benepisyo ng Social Security sa ***www.socialsecurity.gov***, o maaari kang tumawag ng libre sa aming numero na **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**), upang humiling ng appointment. Masasagot namin ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

(kabila)

Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay available kapag kinakausap kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag nang libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang salita mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, iku-kuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

## Paano ninyo pinagpa-pasiyahan ang aking claim?

Lahat ng mga application na natatanggap namin mula sa mga taong may HIV/AIDS ay nilalakad naming mapag-pasiyahan sa lalong madaling panahon. Ang Social Security ay nakikipagtulungan sa ahensiya ng bawat state na tinatawag sa pangalang Disability Determination Services (Mga Serbisyo Ng Pagpapasiya Tungkol Sa Kapansanan).

Ang state na ahensiyang ito ay titingnan ang impormasyon na ibinigay mo at ng iyong doktor at sila ay magpapasiya kung ikaw ay karapat-dapat na tumanggap ng mga benepisyo.

Mababayaran ka namin kaagad-agad ng mga benepisyo sa SSI ng hanggang sa anim na buwan bago namin gawin ang pangwakas na kapasyahan tungkol sa iyong claim kung:

- Hindi ka nagtatrabaho;
- Natutupad mo ang mga patakaran ng SSI tungkol sa kinikita at mga pag-aaring yaman; at
- Pinapatunayan ng doktor mo o ng iba pang pinanggagalingang tanggapang pang-medikal na ang pagka-kahawa mo ng HIV ay sapat na napakalubha upang makatupad sa aming mga patakaran sa medikal ng pagiging may karapatan.

## Papaano ako makakatulong na mapabilis ang aking claim?

Maaari kang makatulong na mapabilis ang pagpapatuloy ng iyong claim sa pamamagitan ng pagkakaroon ng siguradong impormasyon kapag ikaw ay nag-apply na. Kabilang dito ang:

- Iyong numero ng Social Security at katibayan ng iyong kapanganakan at mga numero ng Social Security at mga katibayan ng kapanganakan ng sino mang miyembro ng iyong pamilya na maaaring makapag-apply para sa mga benepisyo; at
- Ang kopya ng iyong pinaka-makailan lang na W-2 form. (Kung nag-a-apply ka para sa SSI, kakailanganin din namin ang impormasyon tungkol sa iyong kinikita at mga pag-aari mong yaman; halimbawa, mga pahayag ng bangko, mga talaan ng unemployment, mga resibo ng iyong pag-upa at registration ng kotse mo).

Kailangan din namin ng impormasyon tungkol sa:

- Pangalan at address ng sinumang mga doktor, ng saan mang mga ospital o mga klinikang napuntahan mo na para magpagamot;
- Kung papaanong ang HIV/AIDS ay nakaka-apekto sa iyong mga pang-araw-araw na gawain, tulad ng paglilinis, pamimili, pagluluto, pagsakay sa bus, atbp.; at
- Ang mga uri ng iyong trabaho nitong nakaraang labing limang 15 taon.

At ang karagdagan pa nito, ay tatanungin namin ang iyong doctor na kumpletohin ang form na makapag-sasabi sa amin kung papaano kang naapektuhan ng pagkahawa mo sa HIV. Tumawag sa aming 800 na numero upang magtanong ng form “SSA-4814” para sa mga taong may sapat na gulang o “SSA-4815” para sa mga kabataan.

Dapat mong dalhin ang form na ito sa iyong doktor upang ito’y kanyang makumpleto at dalhin o ipadala ang kinumpletong form sa amin.

## Ano ang mangyayari kung babalik na ako sa trabaho?

Kung babalik ka na sa trabaho, mayroong mga espesyal na alituntunin na nagpa-pahintulot na maipagpatuloy ang iyong mga benepisyo habang ikaw ay nagtatrabaho. Ang mga alituntuning ito ay mahalaga para sa mga taong may HIV/AIDS na maaaring makabalik sa trabaho kapag mas mabuti na ang kanilang pakiramdam.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga alituntuning ito, hilingin sa saan mang tanggapan ng Social Security ang kopya ng publikasyong, *Pagtatrabaho Habang May Kapansanan—Paano Kami Makakatulong* (Publikasyon Blg. 05-10095-TL).



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10019-TL
Social Security For People Living With HIV/AIDS (Tagalog)
February 2005